# Kalipikasyon para sa Paratransit

Spokane Transit

## Impormasyon sa Serbisyo ng Paratransit ng Americans with Disabilities Act (ADA, Batas sa mga Amerikanong may mga Kapansanan)

Ang Paratransit ay isang hatid-sundong serbisyo ng transportasyon sa van na naa-access ng wheelchair para sa mga taong may kapansanan na hindi nakagagamit ng regular na serbisyo ng bus ng Spokane Transit para sa ilan o sa lahat ng biyahe dahil sa mga epekto ng kanilang kapansanan.

Ang Paratransit ay hindi tulad ng serbisyo ng taxi. Nagsasabay-sabay sa sasakyan ang mga customer na sinusundo at inihahatid sa kabuoan ng biyahe.

Puwedeng asahan na ang mga oras ng paglalakbay sa van ay katulad lang ng mga oras ng paglalakbay para sa kaparehong biyahe sa regular na bus. Hindi kailangang nakatira ka sa lugar ng serbisyo ng Paratransit upang makapag-apply para sa kalipikasyon para sa Paratransit. Gayunman, sinusundo at inihahatid lang ng Paratransit ang mga customer sa loob ng lugar ng serbisyo na katulad ng lugar ng serbisyo ng regular na bus.

## Sino ang kalipikado para sa Paratransit?

Puwedeng gamitin ang Paratransit ng mga taong may kapansanan na nakatapos sa proseso ng kalipikasyon at aprobado para sa serbisyo.

Sa panahon ng pagproseso ng kalipikasyon, kailangang maipakita ng aplikante na, dahil sa mga epekto ng kapansanan, hindi niya kayang magbiyahe papunta o paalis sa himpilan ng bus, o matagumpay na makatapos ng biyahe gamit ang regular na bus.

Ang pagpapasya para sa kalipikasyon ay nakabatay sa mga limitasyon sa pagsakay ng bus na dulot ng kapansanan. Ang lahat ng regular na bus ay may mga rampa at hindi kinakailangang gamitan ng hagdan. Kung gumagamit ng wheelchair ang isang tao, ligtas na ise-secure ng tagapagmaneho ang upuan.

## Paano mag-apply para sa Paratransit

Tumawag sa 328-1552 upang humiling ng aplikasyon o mag-download ng form ng aplikasyon dito.

Sagutan ang buong aplikasyon. Ang seksiyong Beripikasyon ng Lisensiyadong Provider ng aplikasyon ay dapat sagutan ng tagapagbigay ng serbisyong medikal/pangkalusugang mental ng aplikante.

Kapag naisumite na ang aplikasyon, maaaring hingan pa ang aplikante ng karagdagang impormasyon. Hindi pa tapos ang aplikasyon hangga't hindi pa naibibigay ng aplikante ang lahat ng hinihinging impormasyon sa Spokane Transit.

Pagpapasyahan ng Spokane Transit Authority (STA, Awtoridad sa Transit ng Spokane) ang kalipikasyon sa loob ng 21 araw sa kalendaryo pagkatanggap sa lahat ng kinakailangang impormasyon, at padadalhan ng nakasulat na abiso ang aplikante. Kung magtatagal pa ito, at hangga't hindi pa napagpapasyahan ang kalipikasyon, maglalaan ang STA ng serbisyo ng Paratransit ng ADA para sa aplikante.

Hindi permanente ang kalipikasyon para sa Paratransit, at kailangan itong pana-panahong i-renew. Padadalhan ang aplikante ng abiso ng renewal at form ng muling pagpapatunay, dalawa o tatlong buwan bago mawalan ng bisa ang kalipikasyon.

## Lugar at Oras ng Serbisyo

Ang mga araw at oras ng serbisyo ng Paratransit ay katugma ng mga araw at oras ng serbisyo ng regular na bus.

Dapat magsimula at magtapos ang mga biyahe sa loob ng lugar ng serbisyo ng Paratransit. Nagbibigay ang Paratransit ng serbisyo sa loob ng 3/4 milya sa palibot ng mga ruta ng regular na bus. Walang pagkakataon na lalampas ang lugar ng serbisyo sa hangganan ng Public Transportation Benefit Area (PTBA, Lugar ng Benepisyo sa Pampublikong Transportasyon) ng Spokane County.

Magbabago ang lugar ng serbisyo at mga araw at oras ng serbisyo ng Paratransit kung magbabago rin ang mga katumbas na lugar o oras ng serbisyo ng regular na bus ng STA. Tumawag sa 328-1552 para sa kasalukuyang impormasyon tungkol sa serbisyo ng Paratransit.

## Mga Antas ng Serbisyo ng Paratransit

Mayroong tatlong (3) antas ng serbisyo ng Paratransit ng ADA:

1. **Pansamantala** – bilang pagtugon sa isang pangyayari gaya ng stroke, baling binti, pagpapalit ng balakang, atbp., kung saan inaasahang magbabago ang kondisyon sa loob ng isang taon.
2. **May Kondisyon** – para sa mga taong kayang sumakay sa regular na bus paminsan-minsan, pero may pagkakataong kailangan ng Paratransit. Iniaakma ang antas na ito sa mga kakayahan ng bawat tao.
3. **Ganap, Walang Kondisyon** – para sa mga taong walang kakayahang gumamit ng regular na bus at kailangan ng Paratransit sa lahat ng pagkakataon.

## Mga PCA at Panauhin

Ang pangangailangan para sa Katuwang sa Personal na Pangangalaga (PCA) ay dapat itala sa form ng aplikasyon. Libre ang pagsakay ng PCA kapag may tinutulungan siyang kalipikadong customer.

Ang bawat kalipikadong customer ay maaaring magsama ng isang panauhin sa bawat biyahe. Babayaran ng panauhin ang kasalukuyang pamasahe ng Paratransit.

Papayagan ang hiling na magsama ng higit sa isang panauhin kung may espasyo pa sa van.

Dapat ipareserba ang pagsakay ng mga PCA at (mga) panauhin kapag humiling ng biyahe. Kailangan ng mga PCA at panauhin na sumakay at bumaba kasabay ng kalipikadong customer sa kaparehong oras at lugar.

## Puwede bang gamitin ng mga bisita ang mga serbisyo ng Paratransit ng Spokane Transit?

Maaaring tumawag ang mga bisita sa Kalipikasyon para sa Paratransit sa 325-6052, Lunes hanggang Biyernes, 8:00 a.m. hanggang 5:00 p.m., para sa impormasyon tungkol sa paggamit ng serbisyo ng Paratransit ng Spokane Transit. Ang mga bisita mula sa ibang bayan, na sertipikadong kalipikado sa ADA ng iba pang tagapagbigay ng transit, o nagbibigay ng kailangang dokumentasyon ng kapansanan, o pinatutunayan ang kanilang mga sarili bilang may kapansanang nakapipigil sa kanila para gumamit ng mga regular na bus ng STA, ay maaaring gumamit ng serbisyo ng Paratransit ng ADA hanggang sa 21 araw sa isang taon. Kung kailangan ng mahigit 21 araw ng serbisyo sa loob ng isang taon, dapat mag-apply ang mga bisita sa pamamagitan ng regular na proseso ng kalipikasyon ng Spokane Transit.